Sa Pandaigdigang Araw ng Kababaihan

Ipaglaban ang kagyat na kaluwagan sa kahirapan, patalsikin ang magnanakaw sa Malakanyang

Mula sa unang pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan hanggang sa kasalukuyan, patuloy ang paglaban ng mga kababaihan para sa komprehensibong karapatan at paglaya.

Noong 1908, nagmartsa ang 15, 000 kababaihan sa New York upang ipaglaban ang mas maigsing oras ng trabaho, mas mataas na sahod at karapatang bumoto. Sa Russia naman, sinimulan ng mga kababaihan noong March 8, 1917 ang apat na araw na welga para sa "tinapay at kapayapaan". Mula noon, itinakda na ang Marso 8 bilang Pandaigdigang Araw ng mga Kababaihang Anakpawis.

Taong 1971 naman nang unang gunitain sa Pilipinas ang Marso 8. Sa kalagitnaan ng matinding krisis sa ekonomiya na kalaunan ay tumungo na sa hantad na pasistang paghahari ni Marcos, tumindig ang mga kababaihan at ipinanawagan ang lahatang-panig na paglaya – sa kahirapan, pang-aapi at pagsasamantala.

Sa mga panahong ito, muling tinatawag ang kababaihan upang manindigan.

Nagbabadya ang panibagong alon ng kilusang protesta sa Pilipinas para sa signipikanteng pagbabagong panlipunan. Sinindihan ng testimonya ni Jun Lozada sa grandiosong nakawan sa NBN-ZTE deal ang nag-iinit nang galit ng mamamayan dahil sa sunod-sunod na dagok ng krisis pang-ekonomiya. Sino nga ba ang hindi magagalit sa kalagayang habang karamihan sa atin ay hindi maka-ahon sa pang-araw-araw pa lang na pangangailangan, ang mga nasa kapangyarihan naman sa pangunguna ni Gloria Macapagal-Arroyo (GMA) ay nagtatampisaw sa yaman ng bayan?

Danas ng mga migranteng kababaihan ang pagpapahirap at pagsasamantala.

Walang patid ang kinaharap at kinakaharap nating mga usapin. Napagtagumpayan nating biguin ang patakarang MC-04 ng POEA na nagtangkang lalo tayong isubosa mga buwayang recruiter habang patuloy naman tayong pinagkakakitaan ng gobyerno. Hindi tayo nagpaloko sa pangakong proteksyon na alam nating walang laman.

Ngunit nariyan pa rin ang isyu ng patuloy na pagdausdos ng halaga ng piso – halos P6,000 ang nawawala sa atin kada buwan – habang hindi naman bumababa ang presyo ng bilihin. Lalo pa ngang tumataas ang presyo pati ng edukasyon at serbisyong pangkalusugan. Samantala, nananatili naman ang kainutilan ng gobyerno sa nangangailangan ng tulong, ang mga anomalya sa OWWA, at ang papatinding overcharging ng mga recruiters dahil sa pakulong "training" ng POEA.

Sa harap ng mga ito, ang kailangan natin ay kagyat na kaluwagan sa ating kundisyon.

Una na rito ang kagyat na pagtataas ng ating sweldo. Simula 1999 ay HK$590 na ang nabawas sa sahod ng mag domestic workers. Mula rin noon, wala pa sa kalahati ang nababalik sa sahod natin. Dagdag pa rito ang pananatili ng levy.

Sa kalagayan natin ngayon, hindi na rin sapat ang pagbabalik lamang ng sahod natin sa HK$3,670. Kagyat at nakakasapat na pagtaas ng buwanang sahod ang ating kailangan. Ang ating suporta sa panawagan ng mga lokal na manggagawa para sa isnag legislated na

minimum wage ay bahagi ng ating kampanya para sa pagtaas ng sahod natin.

Dagdag pa rito, nariyan pa rin ang iba pang mga polisiya ng gobyerno ng HK na naglalagay sa atin sa bulnerableng kalagayan kagaya ng Two-Week Rule at pwersahang live-in employment arrangement.

Pangalawa, kailangan nating isulong ang mga kampanyang magpapagaan sa ating pang-ekonomiyang kalagayan at sa sitwasyon natin sa labas ng bansa tulad ng pagbabasura sa EVAT na nagpataas sa mga bilihin, pag-rollback sa presyo ng langis, pagtatanggal o pagpapababa sa mga singilin sa OFWs tulad ng OEC, authentication fee at maging ng pasaporte, pagbabasura ng iskemang "training", at pagbabasura ng OWWA Omnibus Policies.

Pangatlo, pagpapatalsik kay GMA. Walang ginhawa kay Gloria. Ang pinakamalalalang delubyong dumating sa atin at sa ating pamilya ay nagmula sa kanyang mga anti-migranteng pakana. Ang krisis pang-ekonomiya at pampulitika sa Pilipinas ay bunga ng walang-pakundangan nyang pagnanakaw, pandaraya, panloloko at pandarahas sa mamamayan.

No Remittance Day ang isang tugon ng migranteng Pilipino sa pagpapatalsik kay GMA. Walang kahihiyang tinawag pa tayo ng gobyerno na iresponsable at nanabotahe sa ekonomiya. Tayo na nga na nagsakripisyo para sa ating pamilya ang tinatawag pa ngayong iresponsable. Tayo na sya na lang tanging bumubuhay sa ekonomiya ang tinatawag ngayong nananabotahe.

Hindi tayo magpapadala sa ganitong pakana. Handa tayong mag-sakripisyong muli pati ang ating pamilya, sa pamamagitan ng hindi pagre-remit isang araw kada buwan, upang maipadama ang ating galit at pagnanais ng pagbabago.

Sa Pandaigdigang Araw ng Kababaihan, itatak nating migranteng kababaihan ang tunay na papel natin sa lipunan – kasama sa patuloy na pagkilos para sa isang makabuluhang pagbabago para sa atin, sa ating pamilya, at sa ating mga kababayan.

Itaguyod ang No Remittance Day!

Oust GMA!

Sumama sa rally para sa kagyat na pagtaas ng sweldo, 9 March, 2:00 pm, mula Causeway Bay puntang CGO.

UNIFIL-MIGRANTE-HK